

Karagdagan at Nakatuong Tulong-Pinansiyal para sa Mga Mag-aaral ng Ingles (Supplemental and Concentration Grant for English Learners, SCG-EL)

<p>Deskripsiyon ng Pondo</p>	<p>Sa ilalim ng Pormula sa Pagpopondo sa mga Distritong Pampaaralan at Paaralang Tsarter (Local Control Funding Formula, LCFF), pinapalitan na ng Karagdagan at Nakatuong Tulong-Pinansiyal para sa Mga Mag-aaral ng Ingles (SCG-EL) ang Tulong sa Epekto ng Ekonomiya para sa mga mag-aaral na limitado ang kakayahan sa Ingles (Economic Impact Aid for limited English proficient students, EIA-LEP) para sa suporta sa mga programa at gawain na "daragdagan o paghuhusayin pa ang mga serbisyo" sa mga Mag-aaral ng Ingles (AB 97).</p>
<p>Mga Kinakailangan para sa mga Gastusin (Expenditure Requirements)</p>	<p>Kailangang gamitin ng paaralan ang mga pondong SCG-EL para "dagdagan o paghuhusayin ang mga serbisyo" para sa mga Mag-aaral ng Ingles" nang naaayon sa bilang ng mga Mag-aaral ng Ingles na siyang nakakuha ng karagdaganang pondo (AB 97).</p> <p>Kailangang nakabalangkas ang mga gastusing ito sa Balanseng Pagtatala ng mga Marka/Plano para sa Tagumpay ng Mag-aaral (Balanced Scorecard/Single Plan or Student Achievement, BSC/SPSA) para sa bawat paaralan. Bawat Tagapayong Komite ng mga Mag-aaral ng Ingles (English Learner Advisory Committee, ELAC) ay kailangang magkaroon ng pagkakataon na marepaso ang badyet na SCG-EL ng paaralan at magbigay ng mga rekomendasyon tungkol dito.</p>
<p>Mga Halimbawa ng mga Pinahihintulatang Gastusin ng SCG-EL</p>	
<p>Akademikong Suporta para sa mga Estudyante sa nakatuong ELD (dedicated ELD), Mga Sining sa Wika ng Ingles (English Language Arts), Mga Sining (Arts), Matematika (Math), Siyensiya (Science) at Araling Panlipunan (Social Studies)</p> <p>Paalala: Karagdaganang pondo ang mga pondong SCG. Hindi dapat gamitin ang mga ito para bayaran ang mga batayang materyales (core materials) o batayang kawani (core staff).</p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Mga karagdaganang teksto sa pagtuturo, materyales at kagamitan ng pangunahing wika at ng Espesyal na Dinisenyong Pagtuturong Akademiko sa Ingles (Specially Designed Academic Instruction in English, SDAIE) na para sa mga mag-aaral ▪ Mga karagdaganang kurso para maging matagumpay ang mga Mag-aaral ng Ingles sa pagkuha sa batayang kurikulum, kasama na ang espesyalisadong Pag-unlad sa Wikang Ingles (English Language Development, ELD) para sa mga Pangmatagalang EL. ▪ Mas maliliit na klase sa ELD at iba pang kurso para sa mga nagsisimula at maagang intermediate na Mag-aaral ng Ingles ▪ Instruksiyon/suporta sa pangunahing wika, hal., pag-eempleyo ng mga bilingual o nakapagsasalita ng dalawang wika na parapropesyonal para makipagtrabaho sa mga Mag-aaral ng Ingles sa pagkuha ng batayang kurikulum ▪ Pinahabang mga oras para sa mga guro o parapropesyonal para mag-alok ng pagtututor matapos ang klase (after school) o sa tag-araw para sa mga estudyante na nangangailangan ng masinsing pagtuturo sa wika. ▪ Tagapag-ugnay ng EL para sa isang period kada araw (mga paaralang sekondarya) ▪ Pinahabang araw/ linggo/taon para sa mga tinatarget na estudyante ▪ Naka-target na interbensiyon para pabilisin pa ang pagbibigay ng bagong klasipikasyon sa mga estudyanteng EL ▪ Suporta para sa Eksamen ng California para sa Pag-unlad sa Ingles (California English Language Development Test, CELDT) at/o proseso ng pagbibigay ng bagong klasipikasyon. ▪ Mga interbensiyong akademiko para magbigay-suporta sa mga estudyante sa pagtugon sa mga Kinakailangang Marating na Pamantayan (Benchmarks) at pagkakaroon ng kahusayang akademiko at/o pagpasa sa Eksamen ng California para sa Paglabas ng High School California High School Exit Examination, CAHSEE)

Mga Halimbawa ng mga Pinahihintulatang Gastusin ng SCG-EL

Mga Kawani na Nagbibigay-Suporta	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Mga Gabay sa Pagbabasa (Reading)/Matematika (Math)/ELD ▪ Guro sa Interbensiyon na Nakapagsasalita ng Dalawang Wika ▪ Parapropesyonal na Nakapagsasalita ng Dalawang Wika ▪ Tagapayo na Nakapagsasalita ng Dalawang Wika ▪ Tagapag-ugnay sa Komunidad na Nakapagsasalita ng Dalawang Wika
Pagpapahusay pa ng Kakayahan/Propesyonal na Pag-unlad	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Paggabay/pagsasanay sa prinsipal hinggil sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga EL ▪ Paggabay/pagsasanay sa mga guro hinggil sa ELD, SDAIE, o pagtuturo sa pangunahing wika/wika ng landas (pathway) ▪ Guro/suporta, mga stipend (kabayaran) sa mga kawani, o pinahabang mga oras para sa propesyonal na pag-unlad ▪ Mga kapalit na guro para sa propesyonal na pag-unlad ▪ Mga materyales/rekurso sa pagsasanay ▪ Mga konsultant para magkaloob ng mga gawain para sa propesyonal na pag-unlad ▪ Suporta para sa paggabay/pagsasanay ng mga kawani, at nang makapagbigay ng suporta sa mga estudyanteng EL at kanilang mga pamilya ▪ Mga kumperensiya/palihan na nagbibigay-suporta sa mga tunguhin ng plano ng paaralan para sa mga EL
Pakikilahok ng mga Magulang	<p>Ang paggamit ng mga pondo para sa pakikilahok ng mga magulang ay kailangang nakatuon sa ELAC at iba pang gawain ng mga magulang kaugnay ng EL, na maaaring kasama ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> ▪ Gastusin para sa ELAC (hal., handouts o mga ipinamamahaging papel, pagsasalin) ▪ Mga oportunidad para sa pagsasanay/edukasyon ng mga EL na magulang ▪ Mga palihan at mga pansuportang materyales ng mga EL na magulang ▪ Makatuwirang gastusin para sa pagkain sa mga gawain ng mga EL na magulang ▪ Pagsasalin, hal., kabayaran sa mga guro na nabigyan na ng naangkop na pagsasanay o mga parapropesyonal na nagsasalin para sa mga magulang sa labas ng regular na araw ng pagpasok ▪ Pangangalaga sa bata para sa pakikilahok ng mga magulang ng EL/mga gawaing pang-edukasyon ▪ Komunikasyon sa mga magulang ng EL (hal., mga pahayagan, bayad sa koreo